



Makahihinga tayo nang maluwag sa pagbasa ng sulat sa mga taga-Filipos, matapos ang matinding pagtuturo at pakikipagtalos ni Pablo sa naunang mga liham. Isa itong tunay na liham, mas personal, mas maunawain at magandang-loob. Sinulat ito ni Pablo mula sa kulungan, para sa pamayanang nagpakita sa kanya ng lubos na pagmamahal. Nagbabalita siya tungkol sa kanyang sarili at inaanyayahan silang mabuhay sa higit na pagkakaisa.

Dito niya isinulat ang kilalang-kilalang pangungusap: *Hangarin ninyo ang na kay Kristo Jesus.*

Tinanggap ni Pablo ang kanilang tulong, na nagpapatunay ng malaki niyang tiwala sa kanila. Sapagkat kadalasa'y tumatanggi siyang tumanggap ng pera at mas gusto niyang mabuhay mula sa kanyang pagtatrabaho kasabay ng kanyang pangangaral, upang hindi ito mapagkamalang pansariling kapakanan lamang.

Nakakulong si Pablo nang isulat niya ang liham na ito. Ngunit hindi natin tiyak kung sinulat ba niya ito sa Roma sa kanyang kulungan sa taong 62 (nang lumihap siya sa mga taga-Efeso at mga taga-Colosas), o sa bilanguan niya sa Efeso sa taong 56.

1 • ¹ Liham nina Pablo at Timoteo, mga lingkod ni Kristo Jesus, sa lahat ng mga banal kay Kristo Jesus na nasa Filipos na kasama ng kanilang mga obispo at diakono.

² Sumainyo ang kagandahang-loob at kapayapaan galing sa Diyos na ating ama at kay Jesucristo.

³ Lagi akong nagpapasalamat sa Diyos sa pag-alaala sa inyo, ⁴ at lagi ko kayong ipinagdarasal nang may galak sa pagdarasal ko alang-alang sa inyong lahat, ⁵ sapagkat tinulungan ninyo ako sa pag-eebanghelyo mula sa unang araw hanggang ngayon. ⁶ Natitiyak ko ito: siyang nagsimula ng mabuting gawaing ito sa inyo ay magpapaganap nito hanggang sa araw ni Kristo Jesus. ⁷ Ito ang inaasahan ko para sa inyong lahat nang isama ko kayo sa aking puso; sa aking pagkabilanggo at pagtatanggol at pagpapati-bay ng Ebanghelyo, kasali ko kayo sa pagpapalang itong ibinibigay sa akin.

⁸ Alam ng Diyos na minamahal ko kayo ng pag-ibig ni Kristo Jesus. ⁹ Kaya ipinananalangin kong nawa'y lalong umunlad sa inyo ang pag-ibig nang may kaalaman at mabuting pasya.

¹⁰ Sa gayon ninyo malalaman kung ano ang tama upang sapitin ninyong malinis at walang-sala ang araw ni Kristo ¹¹ at magkaroon kayo ng ganap na bunga ng kabanalan sa pamamagitan ni Jesucristo para sa kapurihan ng Diyos.

Si Kristo ang aking buhay

• ¹² Gusto kong malaman ninyo, mga kapatid, na lalong umunlad ang Ebanghelyo dahil sa nangyari sa akin. ¹³ Sapagkat nalaman ng lahat sa palasyo at sa labas na ako'y nakabilanggo para kay Kristo. ¹⁴ Kaya pinatibay ng aking pagkabilanggo ang karamihan sa mga kapatid nating Kristiyano at lantaran na nilang ipinahahayag nang walang takot ang Salita.

• **1.1 Kasama ng kanilang mga obispo at diakono.** Nakita natin sa Mga Gawa kung paanong nagtatatag ng pamayanan ang mga apostol ng isang iglesya sa bawat lunsod na napagpahayagan na nila ng Ebanghelyo. Hindi sila umaalis hangga't hindi nila nabubuo ang Sanggunian ng mga Lider na tinatawag na mga Presbitero o Matatanda, ayon sa kaugalian ng mga Judio. Matapos ang ilang taon, lumilitaw sa mga ito ang mga obispo o mga tagapamahala: maaaring sila ang mga nangungunang kasapi sa Sanggunian ng mga Matatanda. Kaya hindi sila noon katulad ng mga obispo ngayon.

Ang mga *diakono* naman ang namamahala sa iba't ibang paglilingkod sa pamayanan. Maaaring mangahulugan ito ng pagmimisyon sa mga lugar na wala pang pamayanang nabubuo.

Kagandahang-loob at kapayapaan! “Kapayapaan!” ang bati ng mga Judio sa isa't isa, at “Magalak” naman ang sa mga Griyego. Ngayon, pamayanan ng mga Judio at mga Griyego ang kinakausap ni Pablo kayat gumagawa siya ng bagong pagbati para sa dalawa: “kagandahang-loob” na halos kasintunog ng “magalak” sa kanyang wika.

Ang Diyos na nagsimulang gumawa sa inyo nang mabuti ay magpapaganap nito (b. 6). Ganito ang pag-asa ni Pablo na nahahayag sa marami niyang sulat (tingnan 1 Cor 1:18).

Upang umunlad sa inyo ang pag-ibig nang may kaalaman at mabuting pasya (9). Alam ng sumampalataya na hindi lunas sa lahat ng bagay ang pananampalataya. Sa gitna ng mga suliraning duma-

rating sa araw-araw, tinatawag sila ng Diyos na makakita ng mga bagong daan. Upang lumago at umunlad, kailangan nating magnilay, makinig – ang tinatawag nating “pagsusuri ng buhay” – upang madiskubre ang positibo at negatibo sa nakakaharap natin sa araw-araw, sa ating pagtatrabaho, sa mga tungkulin natin sa lipunan at maging sa ating libangan. Kaya ipinagdarasal ni Pablo na magkaroon sila hindi lamang ng pagmamahal at pagbubukas-palad, kundi pati na ng liwanag at pagka-unawa.

• 12. Nakikita natin ang kilalang apostol na napaliligiran ng mga taong naiinggit. Hindi lamang siya inuusig ng mga Judio, kundi sa loob mismo ng Iglesya, may mga “huwad na kapatid” na nagagalak na malamang nakakulong siya. Pagkakataon nila ito para sumikat. Maihahambing ang lahat ng ito sa kalagayan ng mga nakikibaka nang walang halong pag-iimbot, subalit napaliligiran ng iba na makasarili pa rin.

Mapatutunayan ang aking paghihintay sa hindi ko pagkalito (20). Isinusulat ni Pablo ang mga linyang ito sa panahon ng kanyang pagkabilanggo. Hinahangad ni Pablo na ang kanyang paglilitis at pagharap sa hukuman ay makatulong sa pagpapahayag ng mensahe ni Kristo sa mga may kapangyarihan.

Para sa akin si Kristo ang buhay (21). Uso ngayon na bigyan-diin na dapat “unawain ng mga Kristiyano ang mundo” at maging “ganap na tao”. Pero bahagi lamang ito ng katotohanan. Hindi taga-mundong ito ang mga Kristiyano. At sa oras na lumago sa kanila ang pag-ibig ng Diyos, mararamdaman nilang dayuhan sila

¹⁵Oo nga't ipinahahayag si Kristo ng ilan dahil sa inggit at pagpapaligsahan, pero ang iba nama'y dahil sa mabuting kalooban. ¹⁶Alam nga nitong huli na nalagay ako rito para ipagtanggol ang Ebanghelyo, at gumagawa sila dahil sa pag-ibig. ¹⁷Hindi naman mabuti ang konsiyensya ng ibang nagpapahayag kay Kristo dahil sa kumpitensya: hangad nga nilang pabigatin pa ang aking pagkabilanggo. ¹⁸E, ano sa akin kung tapat ang ilan at ang iba nama'y hindi? Kahit papaano, ipinahahayag si Kristo, at ikina-gagalak ko ito.

¹⁹Alam ko na ikabubuti ko ang lahat ng ito at maliligtas ako sa tulong ng inyong mga dasal at ng pamamahala ng Espiritu ni Jesucristo. ²⁰Inaasahan ko at pinaniniwalaang di ako kailanman mapapahiya; sa halip mananatili akong matapang at luluwalhatiin ko si Kristo sa pamamagitan ng aking sarili, sa buhay man o kamatayan, ngayon at kailanman.

²¹Para sa akin, si Kristo ang buhay, at pakinabang ang kamatayan. ²²Ngunit habang nasa laman ako at buhay, nakikinabang ako sa aking trabaho. Kayat alin ang pipiliin ko? ²³Nagsasalawahan ako: nais kong yumao at makasama si Kristo, sapagkat ito ang pinakamabuti. ²⁴Ngunit kailangan pa ninyo ang aking pananatili sa laman. ²⁵Kaya nakatitiyak akong mananatili at didito pa ako kasama ninyong lahat upang umunlad kayo at

magalak sa inyong pananampalataya. ²⁶Sa gayon aapaw ang inyong Kristiyanong kasiyahan dahil sa akin, sa aking muling pagdalaw sa inyo.

Manatiling matatag sa pananampalataya

- ²⁷Mamuhay nawa kayo nang karapat-dapat lamang sa Ebanghelyo ni Kristo. Kapag dumating ako, makita ko nawang nananatili kayong matibay. At habang malayo pa ako, marinig ko nawa ito. Ipaglaban ninyo ang paniniwala sa Ebanghelyo nang may iisang espiritu at puso. ²⁸At huwag kayong matakot sa mga kalaban. Ang pagkakaisa ninyo ang magiging tiyak na tandang galing sa Diyos ang kanilang pagkapahamak at ang inyong pagkakaligtas. ²⁹Sapagkat pinagkalooban niya kayo hindi lamang ng paniniwala kay Kristo kundi pagtitiis din alang-alang sa kanya ³⁰sa iisang laban na binabata ko tulad ng nakita na ninyo at nababalitaan pa.

Maging mapagpakumbabang tulad ni Jesus

2 • ¹Kung puwede ko kayong pangaralan sa ngalan ni Kristo at makikinig kayo sa pagpapayo ng pag-ibig; kung magkasalo tayo sa iisang Espiritu at taglay ninyo ang kabaitan at habag, ²pasayahin ninyo ako. Magkasundo kayo sa iisang pag-ibig at hangarin ninyo ang

sa mundo sapagkat nag-ugat na sa kanila ang pananabik kay Kristo at sa Kawalang-hanggan.

Nananabik si Pablo na makita sila ngunit hindi niya gustong magtagal pa at makipagsalu-salo sa kanila. Ang talagang hangad niya ay ang makasama si Kristo sa kanyang kaluwalhatian: tingnan ang 2 Cor 4:16 at Fil 3:10.

Gusto kong makasama si Kristo (23). Kaisa tayo ni Kristo sa buhay na ito. At sa kamatayan, mas nagiging ganap ang pakikiisa sa kanya. Hindi ang araw ng muling pagkabuhay ang hinihintay ng mga kaibigan ni Kristo para makapiling si Kristo. Kaya mali ang nagsasabi na tuluyan nang naglalaho ang tao sa oras ng kamatayan at mabubuhay lamang sa Muling Pagkabuhay. Tingnan din ang 2 Cor 5:8.

- ^{27.} *Magkaisa kayo at huwag kayong matakot (28).* Ito ang payo ni Pablo sa mga iglesyang nahaharap sa malakas na oposisyon. Lagi tayong sinisikap pagwatak-watakin ng mga umuusig para matanggal ang ilang kasapi na pinararatangan o pinababayaan ng sarili nilang mga kapatid.

- **2.1** Sa kabila ng kanilang kabutihang-loob at pananampalataya, hati pa rin ang mga taga-Filipos. Hindi pumapasok sa gulo si Pablo. Sa halip, kina-kausap niya ang lahat at ibinibigay sa kanila ang lihim ng sama-samang pamumuhay-Kristiyano: kababaang-loob, ang di-paggawa ng anumang dahilan sa *pagtatalo o kayabangan*.

Sa isang awit, na parang isa na ring pagpapahayag

iisang layunin. ³Huwag kayong padala sa pagtatalo o kayabangan, kundi maging mapagpakumbaba nawa ang bawat isa at pahalagahan ang iba nang higit pa kaysa sarili. ⁴Huwag hanapin ng isa't isa ang ikabubuti ng sarili lamang kundi ang ikabubuti rin ng iba. ⁵Tularan ninyo ang saloobin ni Kristo Jesus.

⁶Nasa katayuan siya ng Diyos kaya hindi niya inambisyong makapantay ang Diyos

⁷Sa halip sinaid pa ang sarili sa pag-aanyo niyang alipin at sa pagiging tulad ng mga tao: natagpuan nga siyang kamukha ng tao.

⁸Nagpakababa siya at naging masunurin hanggang kamatayan, hanggang kamatayan sa krus.

⁹Dahil dito itinampok siya ng Diyos at binigyan ng Pangalang mataas pa sa alinmang pangalan

¹⁰*upang paluhod na sumamba ang lahat sa Pangalan ni Jesus sa kalangitan, sa lupa at sa kailaliman*

¹¹*at ipahayag ng tanang dila na Panginoon si Kristo Jesus para sa kaluwalhatian ng Diyos Ama.*

• ¹²Kaya nga, mahal na mga kapatid na laging tumatalima sa akin noong kasama ninyo ako, higit pa kayong tumalima ngayong malayo ako, at ganapin ninyo ang inyong pagkaligtas nang may “takot at pangiginig.” ¹³Ang Diyos ang gumagawa sa inyo na naisin at gawin ang magbibigay-lugod sa kanya. ¹⁴Gawin ninyo ang lahat nang walang kulang at pagtutol, ¹⁵at sa gayon walang sala at walang bahid, upang maging mga anak kayo ng Diyos sa gitna ng isang buktot at di-tapat na lahi. Nagniningning kayo sa piling nilang parang tala sa sanlibutan, ¹⁶sa pangangalaga ninyo sa salitang pambuhay. At ipagmamalaki ko ito sa araw ni Kristo sapagkat hindi nasayang ang aking pagtakbo at pagpapagod. ¹⁷At kahit kailangang dumanak ang aking dugo bilang hain upang ipagdiwang ang inyong pananampalataya, nagagalak pa rin ako at natutuwing kasama ninyong

ng pananampalataya, iminumungkahi ni Pablo ang halimbawa ni Kristo: ang kanyang landas – Diyos na naging tao, mayaman na naging dukha, una na naging huli, panginoon na naging lingkod.

Nais ng Panginoong Jesus na maging isa sa mga pinakahamak, mga pinakahirap, pinakayagit. Ganito ang mga saloobin ni Jesus. At ganito rin dapat ang sa kanyang mga alagad, ang mga Kristiyano. Ang ating hangaring maging isa sa pinakahamak, makibahagi sa kanila, ang siyang batayan ng tunay na pamumuhay ayon sa ebanghelyo.

Dito tayo dapat maiba sa karamihan sa mga tao na personal na kagalingan ang inuuna sa lahat o mga ambisyong wari'y mabubuti naman pero winalanghalaga ni Kristo nang piliin niya ang kabilang daan.

Hindi niya inambisyong makapantay ang Diyos: Inihahambing nito ang kasalanan ni Adan – kasalanan ng taong naiinggit sa Diyos. At ibinubunyag naman ang misteryo ng Anak ng Diyos na naging taong may kamatayan at binitawan ang luwalhati ng Diyos bagamat maaari naman niya itong kikipin kahit na sa kanyang pagiging tao. Dahil si Kristo ang magiging Bagong Tao na niluluwalhati ng Diyos at itinampok sa lahat, ang kanyang pagiging ganap na tulad natin, ang

pagdanas ng mga paghihirap at limitasyon ay parang paghuhubad ng sarili.

Itinampok siya ng Diyos. Ang kababaang-loob at pagsunod na ito ni Kristo ang kundisyon ng kanyang kaluwalhatian. Binigyan siya ng Pangalan (ng Diyos), ibig sabih’y talagang nilinaw ng Ama sa lahat na ang walang-hanggang Anak ng Diyos ay walang iba kundi si Jesus.

• ¹². *Ganapin ninyo ang inyong pagliligtas nang may takot at pangiginig.* Hindi ito nangangahulugan ng pagkatakot sa Diyos. Laging inaanyayahan ni Pablo ang kanyang mga mambabasa na magalak dahil wala na sa kanila ang *espíritu ng mga alipin* para matakot uli kundi ang espíritu ng pagiging mga anak (Rom 8:15).

Sa katunayan, katatapos pa lamang alalahanin ni Pablo ang sakripisyo ni Kristo at nabuo niya ang konklusyong ito: Totohanin ninyo ang inyong buhay (ito ang ibig sabihin ng *takot at pangiginig*: gaya ng pag-iingat ng isang may dala-dalang mamahaling bagay). Mamulat kayo na gumagawa mismo ang Diyos sa inyo sa pamamagitan ng mabubuting hangaring ito na dumarating sa inyo. Mamuhay kayo sa presensya ng Panginoon.

lahat. ¹⁸ At dapat din kayong magalak at matuwang kasama ko.

Mga sugo ni Pablo

• ¹⁹ Umaasa ako sa Panginoong Jesus na agad kong masugo sa inyo si Timoteo upang maaliw ako ng inyong mga balita. ²⁰ Wala nga akong maisugong katulad niya na tunay na mapagmalasakit sa inyo. ²¹ Hinahanap nga ng lahat ang kani-kanilang kapakanan, at hindi ang kay Jesucristo. ²² Ngunit alam ninyo na subok siya at pinaglingkuran niya ang Ebanghelyong kasama ko, gaya ng anak kasama ng ama niya. ²³ At siya ang inaasahan kong ipadala sa inyo sa oras na makita ko kung ano ang aking haharapin. ²⁴ Subalit umaasa ako sa Panginoon na pupunta rin ako sa inyo sa lalong madaling panahon.

²⁵ Minabuti kong papuntahin sa inyo ang ating kapatid na si Epaprodito, na kasama ko sa gawain at sa labanan, na isinugo ninyo sa akin para pangalagaan ako. ²⁶ Sabik na sabik nga siya sa inyong lahat at nababalisa dahil sa nabalitaan ninyong pagkakasakit niya. ²⁷ Nagkasakit nga siyang talaga at kamuntik nang mamatay; ngunit kinaawaan siya ng Diyos, at hindi lamang siya kundi ako man nang huwag maragdagan ang aking kalungkutan. ²⁸ Kayat agad ko siyang pina-

pupunta sa inyo upang lumigaya kayo sa pagkakita uli sa kanya at hindi na ako mabalisa. ²⁹ Kaya ipagdiwang ninyo nang maka-Kristiyano ang pag-uwi niya at tingalain sana ninyo ang mga taong katulad niya. ³⁰ Alang-alang sa trabaho ni Kristo, isinuong niya sa panganib ang sariling buhay at nabingit siya sa kamatayan sa pagbibigay sa akin ng tulong na hindi ninyo maibigay.

Huwag mong balikan ang Batas ng Judio

3 ¹ Bukod dito, mga kapatid, magalak kayo sa Panginoon.

• Hindi mabigat sa akin ang muling isulat sa inyo ang mga dating bagay, at kapaki-pakinabang naman ito sa inyo. ² Mag-ingat kayo sa mga aso, mag-ingat sa mga gumagawa ng masama, mag-ingat sa mga kumakatig sa pagtutuli. ³ Nasa atin ang pagtutuli; tayo nga ang mga sumasambang taglay ang Espiritu ng Diyos at ipinagkakapuri natin si Kristo sa halip na magmalaki dahil sa alinmang pantaong bagay.

⁴ Mayroon din akong pantaong mga bagay na maipagmamalaki. Kung akala ng sinuman na mayroon siyang maipagmamalaki, lalo ako. ⁵ Tinuli akong taga-Israel sa ikawalong araw; galing ako sa

• 19. Kadalasa'y mga personal nabagay ang tinatalakay ni Pablo sa katapusan ng kanyang mga sulat. Parang pinuputol muna niya rito ang paksa ng kanyang sulat; ganoon din sa 3:1. Sa bahaging ito, ibinabalita ni Pablo ang dalawa niyang pagbisita sa mga Kristiyano sa Filipos.

Alalay ni Pablo si Timoteo at ipinagkakatiwala niya rito ang iba't ibang misyon sa mga pamayanan. Parang walang gaanong kapangyarihan si Timoteo at madali siyang mapapahiya ng mga ayaw sa direksyon ni Pablo.

Tungkol naman kay Epaprodito, siya'y Kristiyanong taga-Filipos. Iniwan niya ang kanyang pamilya, ginastos ang sariling pera at hinarap ang mga panganib upang madalaw lamang si Pablo. Dapat isaalang-alang ng pamayanang Kristiyano ang mga miyembro nito na lubos na nagtatalaga ng sarili at salat sa pananalapi para tulungan ang mga ito. Minsan, ibinibigay ng Iglesya bilang mga halimbawa ang mga nakikibaka

mula sa hanay ng mga manggagawa o magsasaka na pinabayaan ng lahat ng pamayanan habang nabubuhay pa sila.

• **3.1** *Waring napuputol dito ang pahayag ni Pablo. Sinisimulan niya ang isang matinding argumento laban sa mga Judiong hilaw ang paniniwala kay Kristo. Patuloy lamang nilang inuulit-ulit na dapat munang maging tapat sa mga batas at kagalian ng Lumang Tipan para maging mabuting Kristiyano.*

Mag-ingat sa mga aso...! (2). Sa mga Judio rin na nagyayabang sa pagiging bayang hinirang, ipinupukol ni Pablo ang mismong pag-insultong inilalaan nila para sa mga di-Judio. Ang mga Judio ay tinatakan sa pagtutuli. Subalit pinagtatawanan nila ang mga nasa ibang relihiyon na naghihiwa sa kanilang katawan.

Sa pamamagitan ng sinasabi ni Pablo tungkol sa kanyang katapatan sa relihiyon ng mga Judio, may

tribu ng Benjamin, isang Hebreong nagmula sa mga Hebreo, at may malasakit sa Batas: Pariseo nga ako. ⁶Tunay na masigasig kong inusig ang Iglesya at wala akong kapintasan sa daan ng kabanalang nasa Batas.

⁷Ikinabuti ko man ang mga ito, itinuring ko pa ring sagabal ito at walang kabuluhan alang-alang kay Kristo. ⁸Itinuring kong walang kabuluhan ang lahat ng iba pa kung ihahambing sa kaalaman kay Kristo Jesus na aking Panginoon. Siya ang nagpabale-wala sa lahat at itinuring kong basura ang lahat, makamtan ko lamang si Kristo.

⁹Sa kanya nawa ako matagpuang taglay, hindi ang sariling kabanalang galing sa Batas, kundi ang nagmumula sa paniniwala ayon kay Kristo, na siyang kabanalang galing sa Diyos at bunga ng

paniniwala. ¹⁰Makilala ko nawa siya at ang kapangyarihan ng kanyang muling pagkabuhay at ang pakikiisa sa kanyang mga hirap; tularan ko nawa siya sa kanyang pagkamatay ¹¹at sa gayon masalubong ko ang pagkabuhay sa mga patay.

¹²Hindi ko inaakalang nakarating na ako. Tiyak na hindi pa ako nakarating o naging ganap, kaya tumatakbo ako upang kunin si Kristo, matapos niya akong kunin. ¹³Hindi ko inaakala, mga kapatid, na nakarating na ako; ngunit nililimot ko ang nasa likod ko at pinagsisikap ang mga hinaharap; ¹⁴at tuma-takbo akong naghahanap ng gantimpala ng makalangit na pagtawag sa akin ng Diyos kay Kristo Jesus.

¹⁵Kapag mga tunay na ganap tayo, ito ang ating hahanapin. At kahit iba pa ang

nalalaman tayo tungkol sa kanyang nakaraan. Ipinanganak siya sa Tarso, sa isang pamilyang Judio na umalis sa kanilang bayan at nanirahan doon sa isang bayang "Griyego". Doon sila nagnegosyo. Maykaya ang kanyang mga magulang at kinikilala dahil may karangalan at karapatan sila bilang mamamayang Griyego (tingnan ang Gawa 22:28). Kasama ng kulturang Griyego, tinuruan si Pablo ng Biblia at ng bayang Judio. Nakita niya mismo ang mga piyesta at mga sakripisyong pagano, at ipinagmamalaki niyang mapabilang sa bayan ng Diyos, ang pagiging tuli, at naturuan sa mga pangakong binitiwang ng Diyos sa kanyang lahi. Ipinadala siya ng kanyang mga magulang sa Jerusalem para mag-aral ng Biblia at ng Batas sa piling ng mga dakilang guro ng kanyang panahon (tingnan ang Gawa 22:3).

Isa siyang huwaran ng istriktong Pariseo. Hindi niya nakita si Kristo, pero nakatagpo niya mismo ang mga unang Kristiyano. Sa katapatan niya sa relihiyon ng kanyang mga ninuno, naniwala siyang kailangang usigin, ibilanggo at kung kailanga'y patayin ang mga taong ito na nangangaral ng isang bagong doktrina, at lumilinlang – sa akala niya – sa sambayanan, sa pangangaral ng isang huwad, talunan at nakapakong Mesiyas.

Napakahirap dalhin sa pananampalataya ang mga taong siguradung-sigurado sa sarili at naniniwalang matuwid sila sa harap ng Diyos. Isa sa mga ito si Pablo, at tinanggap nga niya *ang nagpabale-wala sa lahat, at itinuring itong basura* (8).

Nililimot ko na ang nasa likod ko (13). Kaiba si Pablo sa Pariseo na panatag ang loob sa harap ng Diyos sa paggunita sa magaganda niyang nagawa dahil kabilang siya sa bayang banal at sa grupo ng "mabu-

buti", dahil sinusunod niya ang Batas at gumagawa ng mabuti. Ang gusto lamang ni Pablo ay *lumimot*. Kalimutan ang kanyang halaga at pakinabang (ayon sa paghatol ng tao) upang mas matanggap niya ang kagandahang-loob ng Diyos. Kalimutan ang alam na niya tungkol sa Diyos, upang maging bukas para sa mga bagong karanasan.

Si Kristo ang *tubo* (8), mas malaking pakinabang kaysa pagkakaroon ng mga titulo at kakayahan. Si Kristo ang pakinabang sa pagkawala ng sarili. At para masimulan ito, *kalimutan* ang lahat ng iniwan natin, ang lahat ng nakaraan, upang hindi na tayo magtiwala sa ating mga ginawa kundi sa patuloy pang gagawin ng Diyos sa atin.

Gusto ko siyang makilala. Para sa isang Kristiyano, hindi ang makagawa ng mga milagro, o makapagsalita sa iba't ibang wika ang pinakamahalaga, kundi ang makilala si Kristo at maunawaan ang lihim ng kanyang pagpapakumbaba alang-alang sa atin. *Gusto kong maranasan ang kapangyarihan ng kanyang muling pagkabuhay*. May mga taong gustong madama ang presensya ng Diyos at makita siya sa anumang paraan, subalit ang pakikibahagi sa mga paghihirap ni Kristo (2 Cor 1:3-5) ang paraan para madama ang kanyang lakas at kapangyarihan na nagpapanibago sa atin.

Kapag mga tunay na ganap tayo (15). Tingnan ang sinasabi sa 1 Cor 2:6. Pinatatamaang muli ni Pablo ang mga naniniwalang kabilang sila sa mas mataas na klase ng mga Kristiyano, dahil siya mismo ay hindi nangangahas na ituring ang sariling ganap (12).

Bilang pangwakas, binibigyan-diin niya ang muling pagkabuhay. Dahil alam natin na ibabangon ang ating mga katawan (o ang buong pagkatao) at pagpapanibaguhin ang sanlibutan, dapat nating ilagay sa

hinahanap ninyo, ibubunyag din ito sa inyo ng Diyos. ¹⁶Panindigan lamang natin ang naabot na natin.

¹⁷Tularan ninyo ako, mga kapatid; naging halimbawa kami sa inyo, kaya tingnan ninyo ang mga sumusunod sa amin. ¹⁸Sapagkat marami ang namuhay bilang kaaway ng krus ni Kristo. Malimit ko itong sinabi, at inuulit ngayon nang may luha. ¹⁹Papunta sila sa kapahamakan: ang tiyan nila ang kanilang diyos, at ipinagmamalaki nilang dapat nilang ikahiya. Wala silang iniisip kundi mga makalupang bagay.

²⁰Nasa kalangitan naman ang ating pagkamamamayan; doon din manggagaling si Jesucristong hinihintay nating Manunubos. ²¹Babaguhing-anyo niya ang ating katawang nasa kaabaan, upang makatulad nito ang kanyang sariling katawang nasa luwalhati; mayroon nga siyang kapangyarihang sumakop sa buong kalikasan.

Magkaisa't magalak

4 • ¹Kaya, mga mahal na kapatid na aking kinasasabikan, na aking lugod at korona, manatili kayong matatag sa Panginoon, mga minamahal ko. ²Isinasamo ko kay Ebodia at isinasamo rin kay Sintike na magkasundo na sila alangalang sa Panginoon. ³At hinihiling ko rin sa iyo, Sisigo, tapat na kasama, na tulongan mo ang dalawang babaeng ito; nagpakapagod na nga silang kasama ko sa pag-eebanghelyo, kasama si Klemente at ang mga iba pang tumulong sa akin na

ang mga pangalan ay nasa aklat ng buhay.

⁴Magalak kayong lagi sa Panginoon. Inuulit ko, magalak sana kayo. ⁵Kilalanin nawa ng lahat ng tao ang inyong kabaitan. Malapit na ang Panginoon ⁶kaya huwag kayong mabalisa; sa halip ipakita ninyo sa Diyos ang lahat ninyong mga hinihingi sa panalangin at dasal na taglay ang pagpapasalamat. ⁷Sa gayon ang kapayapaan ng Diyos, na higit pa sa maiisip ay mag-iingat sa inyong mga puso at isipan kay Kristo Jesus. ⁸Bukod dito, mga kapatid, piliin ninyo ang lahat ng totoo, dakila, makatarungan, dalisay, kaibig-ibig at marangal, ang anumang dapat hangaan at purihin. ⁹Isagawa ninyo ang inyong natutuhan at natanggap, ang narinig at nakita ninyo sa akin. At sasainyo ang Diyos na mapayapa.

Pasasalamat ni Pablo

• ¹⁰Labis kong ikinagalak sa Panginoon ang muling pamumulaklak ng inyong pagmamalasakit sa akin ngayon. Nagmalasakit na nga kayo, ngunit wala pa kayong pagkakataon. ¹¹Hindi ko ito sinasabi dahil sa aking kakulangan; natutunan ko na ngang masiyahan sa kung ano lamang meron ako. ¹²Naha-harap ko ang karalitaan at ang kasaganaan; handa ako sa lahat ng bagay; sanay ako sa kabusugan at gutom, sa pagsasawa at kakulangan. ¹³Kaya ko ang lahat sa tulong ng nagpapalakas sa akin. ¹⁴Gayunman, mabuti ang ginawa ninyo sa pakikibahagi sa aking kapighatian.

tamang lugar ang lahat ng bagay na lumilipas: pagkain, alak, seks, at huwag itong gawing mga diyos na umaalipin sa tao.

• **4.1** *Muli na namang pinuputol ang paksa; tila karugtong ng 2:19-31 ang bahaging ito.*

Ang Aklat ng Buhay (3) ay karaniwang larawan sa mga Judio para tukuyin ang mga maliligtas (tingnan ang Pag 20:12).

Hanapin ninyo ang lahat ng totoo (8). Paulit-ulit na sinasabi ni Pablo na hindi sapat ang pagtutuo lamang ng pansin sa mga utos upang maiwasan ang ipinagbabawal. Sa halip, tinuturuan tayo ng Espiritu na


laging maging malikhain sa pang-araw-araw na buhay. Sa pagtutuo ng pansin sa mga bagay na totoo, dakila... nadiskubre natin na higit pa pala ang kaya natin. Pagtuunang-pansin ang tanang mabuti, saanman natin ito matagpuan, kahit na sa mga di-sumasampalataya.

• 10. Pinasasalamatan ni Pablo ang Iglesya sa Filipos dahil sa kanilang tulong. Siya, na talagang ingat na ingat na huwag umasa sa iba at huwag lumabas na nagsasamantala sa kapwa sa ngalan ng relihiyon, ay tumanggap din ng bigay ng mga tunay niyang kaibigan.

¹⁵ Alam ninyo, mga taga-Filipos, na walang Iglesyang tumulong sa akin sa simula ng pag-eebanghelyo, nang umalis ako sa Macedonia. Kayo lamang ang nagpaluwal sa akin. ¹⁶ Dalawang beses kayong nagpadala sa Tesalonika ng kinailangan ko. ¹⁷ Hindi regalo ang hangad ko, kundi ang paglaki ng inyong pakinabang. ¹⁸ At ngayon sapat na ang nasa akin, at higit pa. Sumasagana ako dahil sa tinanggap ko kay Epaprodito sa ngalan ninyo. Ito talaga ang haing kaaya-aya, na mabangong handog na kalugud-lugod sa

Diyos. ¹⁹ Kaya bibigyang-kasiyahan kayo ng aking Diyos sa lahat ng inyong kailangan, ayon sa kanyang kayamanan, nang buong kagandahang-loob, kay Kristo Jesus. Luwalhatiin ang Diyos na ating Ama magpakailanman! Amen.

²¹ Batiin ninyo ang bawat isa sa mga banal kay Kristo Jesus. Binabati kayo ng mga kapatid na kasama ko. ²² Binabati kayo ng lahat ng mga banal, lalo na ng mga nasa bahay ng Emperador. ²³ Suma-inyong diwa ang biyaya ng Panginoong Jesucristo.



SULAT SA MGA TAGA-COLOSAS

Bandang taong 62, si Pablong nakabilanggo sa Roma ay sumulat sa mga Kristiyano ng Colosas, na humahamak kay Kristo nang di nila namamalayan.

Hindi na matatag ang kanilang pananampalataya kay Kristo at gusto nilang magdagdag ng mga gawaing panrelihiyon buhat sa Matandang Tipan: ang di-pagkain ng ilang mga kakanin, pati na marahil ang di-pag-inom ng alak, upang maging mas perpekto. Bukod dito, nagsisimula silang magpitagan sa “mga anghel”; ito ang tawag nila sa mga puwersang di-nakikita na, ayon sa kanila, ay nagtatakda ng kapalaran ng tao. Katulad nila ang mga mananampalataya ngayon na may debosyon sa mga espiritu, o naniniwala sa astrolohiya, o sumasangguni sa horoskopyo para malaman ang kanilang kapalaran. Kaya hindi na nila itinuturing si Kristo bilang kaisa-isang Tagapagligtas, sa pagnanais nilang umasa sa kanilang sariling pagsisikap at pag-aalay, o sa mga bagay na hindi sa Iglesya.

Ang krisis ng Iglesya noong unang dantaon ang nagbigay sa atin ng sulat na ito, kung saan ipinaliwanag ni Pablo ang lubos na paghahari ni Kristo. Di ba’t katulad nito ang nangyayari ngayon? Mula sa mga nagliliyab na isyu tungkol sa karahasan at kapayapaan ngayon, nagiging mas malalim at mas malinaw ang mensahe ni Kristo.

Tulad ng iba pang mga sulat ni Pablo, binabanggit ng sulat sa mga taga-Colosas si Timoteo na nasa tabi niya. Alam na natin na sa simula pa’y pinili na siya ni Pablo bilang katulong at itinuring siyang kanyang “tunay na anak kay Kristo.” Marahil ay mahalaga ang papel ni Timoteo sa pagkagawa ng sulat na ito. Maipaliliwanag din nito kung bakit lubhang naiiba ang estilo sa kay Pablo sa kanyang talagang mga sulat, at kung bakit, sa kabila nito, napakayaman ang nilalaman at palaging tapat sa tunay na diwa ni Pablo.

1 • ¹Bati ni Pablo – na apostol ni Kristo Jesus sa kagustuhan ng Diyos – at ni Kapatid Timoteo, ²sa mga banal at tapat na Kristiyanong kapatid sa Colosas:

Sumainyo nawa ang kagandahang-loob at kapayapaan mula sa Diyos na ating Ama.

³Lagi kaming nagpapasalamat sa Diyos at Ama ni Jesucristong ating Panginoon tuwing ipagdarasal namin kayo. ⁴Nabalitaan nga namin ang inyong paniniwala kay Kristo Jesus at ang inyong pag-ibig sa lahat ng banal, ⁵bunga ng inyong inaasahan, na nakalaan sa inyo sa langit. Ito ang narinig ninyo noong una sa pangangaral na totoo – ang Ebanghelyo ⁶na umabot sa inyo. Nagbubunga ito at lumalago sa buong daigdig, at gayon din sa inyo, mula sa araw na marinig ninyo at makilala ang kagandahang-loob ng Diyos.

⁷Sapagkat natutuhan ninyo ito kay Epafras, ang aming mahal na kapwautusan na matapat na lingkod ni Kristo sa pagtulong sa amin. ⁸Siya ang nagbalita sa amin ng inyong pagmamahal ayon sa Espiritu.

⁹Kaya mula nang marinig namin ito, wala na nga kaming tigil sa aming pagdarasal; at hinihiling namin na lubos

ninyong matanto ang kagustuhan ng Diyos nang may espirituwal na karunungan at pagkaunawa.

¹⁰Mabuhay kayong marapat sa Panginoon at tunay na kalugud-lugod sa kanya. Mamunga kayo sa lahat ng mabuting gawa, at lumago sa inyong pagkakilala sa Diyos.

¹¹Palakasin nawa niya kayo nang lubos ayon sa maluwalhati niyang kapangyarihan upang makatiis at makatagal kayo.

¹²Masaya ninyong pasalamatan ang Ama na itinalaga kayong makibahagi ng mana ng mga banal sa kaharian ng liwanag.

¹³Iniligtas nga tayo sa kapangyarihan ng dilim, at inilipat sa kaharian ng kanyang pinakamamahal na Anak. ¹⁴Sa kanya kayo nagkaroon ng katubusan, ng kapatawaran ng mga kasalanan.

Si Kristo ang simula ng lahat

• ¹⁵Siya ang larawan ng di-nakikitang Diyos,
ang panganay ng tanang nilikha,
¹⁶sapagkat sa kanya nilalang ang lahat ng nasa langit
at lahat ng nasa lupa,
ang mga nakikita at di-nakikita,

• **1.1** Tulad ng dati, pinupuri ni Pablo ang kanyang mga mambabasa. Sa katunaya'y ang impormasyong ibinigay sa kanya ni Epafras tungkol sa mga pinoproblema ng mga taga-Colosas ang dahilan kaya siya sumusulat sa kanila.

Isang lalaking taga-Colosas si Epafras na binabanggit ni Pablo. Nang inoorganisa ni Pablo ang pag-eebanghelyo sa probinsya ng Efeso (tingnan sa Mga Gawa 19:26 at 20:4), hindi siya pumupunta sa bawat lunsod kundi mga asistant niya ang kanyang ipinadadala. Ipinahayag ni Epafras ng Colosas ang Mabuting Balita at sinimulan ang pagbubuo ng mga pamayanan sa Colosas, at pagkatapos ay sa mga karatig-lunsod naman ng Laodicea at Hierapolis (tingnan ang Col 4:13). Siya ang pumunta sa Roma para ipagbigay-alam kay Pablo ang mga problema.

Ang inyong paniniwala... ang inyong pag-ibig... ang inyong inaasahan... Laging pinag-iisa ni Pablo ang tatlong lakas na ito ng Kristiyano: maniwala, magmahal, umasa.

Magkakasama ang tatlong ito o kaya'y sama-sama ring wala. Iginigiit dito ni Pablo na ang pag-asa ang lakas at puwersang nagpapasigla sa atin para maniwala at umibig. Ang mga mananampalatayang kinakausap ni Pablo, lalo na ang mga nagsasawa na sa paganismo ay naging masigasig nang madiskubre nila na may dakila palang patutunguhan ang buhay at nilikha sila para tanggapin mismo ang buhay ng Diyos.

Inilipat niya tayo sa kaharian ng kanyang Anak. Sa pagsunod sa mga kahina-hinalang tagapangaral, isang di-nakikitang daigdig ng mga supernatural na puwersa ang pinagkakaabalahan ng mga taga-Colosas (tingnan Ef 1:21). Mula sa simula'y pinasisimple na ni Pablo ang sitwasyon; wala nang ano pa man liban sa *kapangyarihan ng dilim* at sa *kaharian* ni Kristo.

• 15. Ipinakikita naman ngayon ni Pablo na balewala ang mga anghel o *mga di-nakikitang kapangyarihan* (16) kung ihahambing kay Kristo: hindi siya basta karaniwang taong tagapagligtas dahil bago pa

ang Mga Trono, Pagkahari, Pamunuan, Kapangyarihan.

Sa pamamagitan niya at dahil sa kanya nilikha ang lahat:

¹⁷ siya nga ang una sa lahat at sa kanya umiiral ang lahat.

¹⁸ Siya rin ang ulo ng katawan, ang Iglesya.

Siya ang simula, ang unang isinilang mula sa mga patay

upang manguna siya sa lahat.

¹⁹ Pagkat ikinalugod ng Diyos na manahan sa kanya ang kabuuan,

²⁰ at sa pamamagitan ni Kristo pagkasunduin sa kanyang sarili ang lahat, sa pagbibigay-kapayapaan sa bisa ng dugo ng kanyang krus, sa lupa man at sa langit.

• ²¹ Dati nga kayong malayo sa Diyos at salungat sa kanya ang inyong kalooban

dahil sa masasama ninyong gawa; ²² ngunit pinapagkasundo kayo ngayon sa katawang-laman ni Kristo – sa pagkamatay niya, upang maiharap kayo sa kanya bilang mga banal, walang dungis at walang kapintasan. ²³ Dapat lamang kayong manatiling matatag at matibay sa pananampalataya. Huwag na kayong magpabagu-bago pa; sa halip maging mahigpit na nakahugpong sa pag-asang nasa Ebanghelyo na inyong narinig, na ipinangaral sa tanang nilikha sa silong ng langit at akong si Pablo ang siyang naging lingkod.

²⁴ Natutuwa nga ako ngayon sa tinitii ko alang-alang sa inyo; ang kulang sa mga paghihirap ni Kristo ay pinupunan ko sa aking laman alang-alang sa kanyang katawan, ang Iglesya. ²⁵ Naging lingkod ako nito sa pagbibigay ng Diyos sa akin ng tungkuling tuparin sa inyo ang salita ng

siya dumating upang iligtas tayo, nasa Diyos na tagalikha na siya. Tingnan ang katulad nito sa Hebreo 1.

Nagbabago ang mga suliranin sa paglipas ng mga taon. Hindi na naniniwala ngayon ang mga tao na saklaw sila ng mga *di-nakikitang Kapangyarihan* kundi ng mga multinasyonal. Hindi na ikinukumpara si Kristo sa mga anghel kundi sa mga dakilang rebolusyonaryo. Ngunit higit pa si Kristo sa kanilang lahat sa lahat-lahat.

Siya ang larawan ng di-nakikitang Diyos. Huwag nating isipin na anyong-tao ang Diyos na nasa itaas ng ulap, at si Jesus ang magiging larawan niya. Pabayaang natin ang mga pantasyang ito sa mga Mormon na para sa kanila'y walang isang talagang Diyos, kundi bawat isa sa kanilang mga diyos ay naging tao muna bago niluwalhati ng isa pang diyos na nauna sa kanya. Alam natin na ang Diyos ay Espiritu at wala siyang katawan.

Ngunit larawan naman ng Ama at ng kanyang awa si Kristo sa piling natin. Ang kanyang mga kilos ang nagtuturo sa atin tungkol sa pag-iisip at paggawa ng Diyos.

At kailangan nating idagdag na bago siya naging tao, nasa Diyos na ang Anak ng Diyos bilang walang hanggan at di-nakikitang Larawan ng walang hanggan at di-nakikitang Diyos, ang Ningning ng Ama (Heb 1:3), ang Wika o Salita ng Diyos (Jn 1:1).

Ang Panganay ng tanang nilikha. Si Kristo ay isang nilalang sa kanyang pagkatao, isang taong ipinanganak na inapo ni David. Ngunit sa Diyos nakaugat ang kanyang buhay at kalooban kaya siya ang lumilitaw sa atin na pinakamodelo at *Panganay*, hindi ng mga tao kundi ng buong kinapal. *Ikinalugod*

ng Diyos na manahan sa kanya ang buong kabuuan, na parang siya ang tulay sa pagitan ng Diyos at ng sanlibutan. Nasa kanya ang Kabuuan ng Diyos para ibahagi sa sanlibutan, at matatagpuan naman sa kanya ang kabuuan ng sanlibutan kapag nagkasundo at nagkaisa sa kanya ang lahat ng nilalang.

Sa pamamagitan niya nilikha ang lahat: Juan 1:1 at Hebreo 1:2.

Unang isinilang mula sa mga patay. Hindi namatay si Jesus para lamang makamit ang kapatawaran ng ating mga kasalanan. Bilang Bugtong na Anak, bokasyon niya ang ialay ang sarili at isuko ang lahat para tanggaping muli sa Ama ang Luwalhating laan sa kanya.

Sa pamamagitan niya pagkasunduin. Muling inilalahad ang gawain ni Kristo bilang pagkakasundo: pagkasunduin ang mga tao sa Diyos (2 Cor 5:17-21) at pagkasunduin ang buong sangkinapal.

• 21. *Ang katawan ni Kristo* ang lugar kung saan makakamit ang *kapayapaan* ng lahat ng tao sa Diyos, at sa isa't isa (Ef 2:11).

Upang maiharap niya kayo sa kanya bilang mga banal, walang dungis at walang kapintasan (b. 22): tingnan ang paliwanag sa Ef 5:26.

Pinupunan ko ang kulang sa mga paghihirap ni Kristo. Pagkamatay ni Kristo, may kulang pa rin sa kaligtasan ng mundo kung hindi makakatagpo ng mga pagsubok at paghihirap ang mismong mga tagasunod at mga apostol ni Kristo. Walang pagtatrabaho para sa Iglesya kung walang paghihirap para sa Iglesya. Pagdurusa para sa katarungan ang magtrabaho para sa Paghahari ng katarungan.

Diyos ²⁶ – ang mahiwagang balak na inilihim sa lumipas na mga panahon at mga salinlahi, ngunit ngayo'y ibinunyag sa kanyang mga banal.

²⁷ Gusto ng Diyos na ipakilala sa kanila ang malaking kaluwalhatiang inilaan ng mahiwagang balak na ito para sa mga bansang pagano – si Kristong sumasainyo ang pag-asa sa kaluwalhatian.

²⁸ Ang Kristong ito ang ipinangangaral namin sa aming pagwawasto sa bawat isa at pagtuturo sa bawat isa sa tanang karunungan upang magawang ganap namin kay Kristo ang lahat ng tao. ²⁹ Ito ang pinagpapaguran ko sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihang napakalakas magkabisa sa akin.

Kay Kristo kayo mabuhay at mag-ugat

2 ¹ Gusto kong malaman ninyo kung gaano katindi ang pakikipaglaban ko alang-alang sa inyo at sa mga nasa Laodicea at sa iba pang di pa nakakita sa aking mukha. ² Lakasan nila ang kanilang loob at magbuklod sila sa pag-ibig para makamtan nila ang yaman ng lubos na pagkaunawa at maabot nila ang kaalaman ng mahiwagang balak ng

Mahiwagang balak: tingnan sa Ef 3:5. Alalahanin natin na noong panahong iyon, walang sinumang nakaisip na may isang hantungan ang lahat ng tao. At saka maging Griyego o Romano ay wala nang anumang nakikita pagkatapos ng buhay na ito. Namangha si Pablo sa kagandahang-loob ng Diyos na ang mga pangako ay para sa lahat ng tao nang walang pagtatangi (27). At walang ibang iniaalok sa atin kundi ang makibahagi sa Luwalhati ng Diyos o sa lahat ng kayamananang nasa kanya.

• **2.1** *Gusto kong malaman ninyo kung gaano ang pakikipaglaban ko para sa inyo.* Sinasabi ni Pablo na mahirap ang trabaho ng apostol kung hangad niyang mag-ebanghelyo sa mga tao upang mapalaya sila ng Ebanghelyo. Ngunit napakadali namang gawing isang relihiyong sinasang-ayunan at pinupuri ng lahat ang Kristiyanismo, isang relihiyong hindi bumabago sa mga nananampalataya ni tumutuligsa sa mga ugat ng kasamaang nakapaloob sa buhay ng lipunan. Nangangahulugan ng lubos na pagpapagal ang *pakikibakang* ito pati na ang panalangin (4:2 at Rom 15:30).

Baka kayo madaya. Nasabi na ito ni Pablo sa

Diyos, na si Kristo. ³ Sa kanya nga nata-tago ang lahat ng yamang karunungan at kaalaman.

⁴ Sinasabi ko ito para hindi kayo malinlang ninuman sa mataas na pangungusap. ⁵ Hindi nga ninyo ako kapiling sa katawan, ngunit sumasainyo naman ang aking espiritu, at nagagalak akong makita ang inyong maayos na hanay at ang katatagan ng inyong pananampalataya kay Kristo.

⁶ Tinanggap na ninyong Panginoon si Kristo Jesus: kaya mabuhay kayo sa kanya. ⁷ Sa kanya nawa kayo mag-ugat at sa kanya matayo. Magpakatatag kayo sa pananampalataya ayon sa itinuro sa inyo, at labis-labis na magpasalamat.

⁸ Mag-ingat sana kayo, at baka malinlang kayo sa pamamagitan ng pilosopiya at walang saysay na pananalitang galing sa aral ng mga tao, batay sa karunungan ng mundong ito at hindi ni Kristo. ⁹ Sa kanya naging katawan ang kabuuan ng pagka-Diyos na nananahan sa kanya. ¹⁰ Kaya napuspos naman kayo sa kanya na siyang ulo ng mga Pamunuan at mga Kapangyarihan.

Galasya at ulitin naman niya sa pinakahuli niyang sulat (2 Tim 4:3). Maraming ideolohiya sa mundo. Kayat naiimpluwensiya ng kalakaran ng modernong pag-iisip kahit na ang mga taong walang alam sa pilosopiya. Hindi naman sadyang masama ang mga pilosopiya at mga ideolohiya, sa katunayan nga'y laging may totoo sa mga ito. Ngunit ang panganib ay nasa waring pagbibigay ng mga ito ng ganap na kasagutan sa ating mga suliranin. At dito'y walang-salang nabibigo ang mga ito sapagkat sa mula't mula pa'y winawalang-bahala ng mga ito ang nasa tao. Si Kristo lamang ang nagpapakilala sa atin kung sino tayo.

Ang pagtanggap natin sa *karunungan ng mundong ito* bilang ganap na katotohanan ang siyang kinokondena ni Pablo. Mga doktrina ng tao ang mga ideolohiyang iyon kaya nagkakamali ang mga iyon kahit na gusto nilang palitan ang siyensya gaya ng Marxismo: bunga sila ng kanilang panahon at lumilipas din sa paglipas ng panahon.

• **11.** Ayaw ni Pablo na maramdaman ng mga taga-Colosas na obligado silang magpatuli at mamuhay ayon sa Batas ni Moises. Sapagkat alam

Bininyagan at binuhay

• ¹¹ Sa kanya rin kayo tinuli; hindi ko tinutukoy ang pagtutuling gawa ng tao, kundi ang pagtutuli ni Kristo upang hubarin ang buong katawang laman. ¹² Nang kayo'y binyagan, nalibing kayong kasama niya; at sa inyong pagsampalataya, ibinangon kayo ng lakas ng Diyos na nagbangon sa kanya mula sa mga patay.

¹³ Patay rin kayo noon sa inyong mga kasalanan at hindi tuli sa inyong laman; ngunit binuhay kayo ng Diyos kasama ni Kristo at pinatawad ang ating mga pagkakasala. ¹⁴ Kinansela niya ang listahan ng ating pagkakautang sa mga utos; inalis niya ito at ipinako sa krus. ¹⁵ Pinalang-bisa niya ang mga Pamunuan at Kapangyarihan at hinamak sila sa harap ng lahat at hinila silang nakatanikala sa tagumpay niya kay Kristo.

Mga walang saysay na kautusan

• ¹⁶ Kaya hindi kayo matutuligsa tungkol sa pagkain o pag-inom, o dahil binalewala ninyo ang anumang piyesta o

niya mula sa sariling karanasan ng pagiging tuli at pamumuhay sa ilalim ng Batas na hindi ito nakapagligtas sa kanya.

Hindi sapat na kapisarong balat lamang ang tanggalin sa pagtutuli; ang buong *katawang-laman* higit sa lahat ang kailangang tanggalin. Ayon kay Pablo, hindi ito nangangahulugan ng pagpapakamatay ngunit ng pagpatay sa pagkamakasari, katusuhan, pag-iimbot, labis na pagtitiwala sa sarili – sa lahat ng ito lumalaganap ang kasalanan. Para sa mga Kristiyano, pinapalitan ng binyag ang pagtutuli at nangangahulugan ito ng kamatayan ng *katawang-laman*. Sinasakal natin ang makasalanang nasa ating mga sarili, at umaahon tayong “muling nabuhay” kay Kristo mula sa tubig. Maliwanag na lubos na nagaganap ang kamatayan at pagkabuhay na ito kung nabubuhay tayo at namamatay ayon sa mismong nangyayari sa binyag.

Walumpu't lima sa bawat sandaang Pilipino ang binyagan sa ating bansa pero ang totoo'y wala namang anumang binabago ang binyag sa kanilang buhay. Karaniwa'y hindi kabilang ang marami sa mga Kristiyanong ito sa alinmang pamayanang nagtataguyod ng pagbabago. Kailangan pa rin nilang gumising, dumanas ng sagad na pagbabago: bininyagan nga sila pero hindi naman nabuhay.

Kinansela niya ang listahan ng ating pag-

Bagong Buwan o Araw ng Pahinga. ¹⁷ Ang mga ito'y anino lamang ng darating, anino ni Kristo. ¹⁸ Huwag ninyong pabayaang maagawan kayo ng premyo ng mga may gustong magpakaaba at maglingkod sa mga anghel. Sa sariling mga pangitain lamang nila sila sumusunod at sa isipang galing sa laman napupuno, ¹⁹ sa halip na kumapit sa Ulo. Sapagkat siya ang nama-mahala sa katawan sa pamamagitan ng mga nerbyo at pagkakahugpong para patatagin ito at lumaki – ang paglaking ayon sa Diyos.

²⁰ Kasama ni Kristo, namatay kayo sa mga prinsipyo at simulain ng mundo. Kayat bakit ninyo pinababayaang tuligsain kayo na parang nabubuhay pa kayo sa mundo?

²¹ Ano nga ba ang mga ito: “Huwag hawakan, huwag tikman, huwag hipuin”? ²² Kautusan at aral ng tao ang mga ito na tungkol lamang sa mga bagay na ginagamit at nasisira. ²³ Parang pananalita ng karunungan dahil sa kanilang kabanalan, kaba-baang-loob at pagpapahirap sa katawan, ngunit wala itong lakas laban sa paghihi-magsik ng laman.

kakautang (14). Sa ipinakong laman ni Jesus nagwakas ang kalupitan ng mga puwersa ng kasamaan: nabigo ang mga ito sapagkat naubusan ng lakas ang karahasan laban sa ayaw gumanti.

Nawalang-saysay ang Batas (tingnan sa Roma 6 at 7). Binubuksan ng sakripisyo ni Kristo ang bagong panahon ng paglaya ng mga tao mula sa lahat ng nagpapabigat sa kanilang hantungan (Gal 4:3).

• ¹⁶. *Kaya hindi kayo matutuligsa*. At bakit natutuligsa tayo ngayon ng ilang Kristiyano sa pagdiriwang natin ng Linggo, sa Pagkabuhay ng Panginoon, sa halip na Sabado, sa Araw ng Pahinga ng mga Judio?

Aral na parang pananalita ng karunungan. Lagi nang mga pagbabawal ang nakakatawag-pansin sa mga taong hindi pa lumalaya sa pagkatakot sa Diyos. Ngunit sa halip na magpalaya ang mga ito sa kanila at maghatid sa pagtitiwala ng mga anak ng Diyos, ang mga pagbabawal na ito ang lalong nagpapaging-sarado sa kanilang mga espiritu at nagpapakitid sa kanilang isipan.

Pagpapahirap sa katawan. Ang kusang-loob nating pagpapakasakit at mga sakripisyo ay maaaring maging daan para pahalagahan natin ang ating mga sarili at maramdamang mas magaling tayo sa iba.

Hanapin ang mga bagay sa itaas

3 • ¹ Kung ibinangon nga kayong ka sama ni Kristo, hanapin ninyo ang mga bagay sa itaas; naroon si Kristong nakaluklok sa kanan ng Diyos. ² Isipin ninyo ang mga mula sa itaas, hindi ang mga makalupa. ³ Namatay kayo, at sa Diyos natatago ang inyong buhay kasama ni Kristo. ⁴ Sa pagpapakita kay Kristong buhay natin, ipakikita rin kayong kasama niya sa kaluwalhatian.

⁵ Kayat patayin ninyo ang lahat ng makalupang nasa inyo: pambababae, kahalayan, masamang pagkahaling, masamang pagnanais, at kasakiman na pagsamba sa mga diyus-diyusan. ⁶ Ito ang ikinagagalit ng Diyos.

⁷ Ito ang dati ninyong pagkilos, at nabuhay kayo sa mga bagay na ito. ⁸ Ngunit itakwil ninyo ngayon ang lahat ng ito: poot, galit, paghihinala; huwag nang magsalita ng pag-insulto at nakahihiyang pananalita. ⁹ Huwag na kayong magsinungaling sa isa't isa.

Isuot ang bago

• Hinubad na ninyo ang Lumang Tao pati ang kasamaan nito. ¹⁰ Isuot ninyo ang Bago na patungo sa ganap na kaalaman, na siyang nagbabago ayon sa larawan ng Lumikha sa kanya. ¹¹ Doo'y wala nang Griyego at Judio, tuli at di-tuli, dayuhan at barbaro, alipin at malaya, kundi si Kristo ang lahat-lahat at sumasalihat.

¹² Kaya magbihis kayo bilang mga banal at minamahal na hinirang ng Diyos:

• **3.1** Ipinagpapatuloy rito ang nabanggit na tungkol sa binyag (2:12) na nagbubuklod sa atin kay Kristo at ginagawa tayong kabahagi sa lahat niyang kayamanan. Mula nang umalis si Kristo sa mundong ito, iniwan din natin ito: ang pinakamabuti sa ating buhay, ang nagbubunsod sa atin para gumawa ay hindi nakikita ni mula sa mundong ito. Ang Diyos lamang ang nakaaalam sa mga yaman ng puso ng mananampalataya, kahit na parang may bahid ng iba't ibang pagkakamali at kahinaan ang kanyang buhay. Bahala ang Diyos na ipakita balang araw ang kabutihan, ang "luwalhati" na hindi pa natin nakikita (tingnan Mt 25:31-46).

isuot ninyo ang habag, kabutihang-loob, kababaang-loob, kabaitan at malawak na pang-unawa.

¹³ Pagtiisan ninyo ang isa't isa at magpatawaran kung may pagtatalo kayo. Magbigayan kayo gaya ng pagbibigay sa inyo ng Panginoon. ¹⁴ At higit sa lahat, magkaroon kayo ng pag-ibig na nagbubuklod sa lahat para sa kaganapan. ¹⁵ Maghari sa inyong mga puso ang kapayapaan ni Kristo, na siyang dahilan ng pagkatawag sa inyo sa iisang katawan.

¹⁶ Manahang masagana sa inyo ang salita ni Kristo; magturuan kayo nang may karunungan at patatagin ang isa't isa sa mga salmo, papuri at awiting espirituwal. Pasalamat ninyo at awitan ang Diyos sa inyong mga puso. ¹⁷ Ano man ang gawin ninyo, sa salita o sa gawa, gawin ninyo ang lahat sa ngalan ng Panginoong Jesus at magpasalamat sa Diyos Ama sa pamamagitan niya.

Tungkol sa pagsunod

• ¹⁸ Mga babae, sundin ninyo ang inyong mga asawa, tulad ng nararapat sa mga Kristiyano. ¹⁹ Mga lalaki, mahal ninyo ang inyong mga asawa at huwag maging masungit sa kanila. ²⁰ Mga bata, sundin ninyong lubos ang inyong mga magulang, sapagkat ito ang karapat-dapat sa mga Kristiyano. ²¹ Mga ama, huwag ninyong inisin ang inyong mga anak, at baka manghina ang kanilang loob.

²² Mga alipin, sundin ninyong lubos ang

• **9.** *Tingnan ang Efeso 4:20-24 kung saan pinaunlad ni Pablo ang parehong idea tungkol sa bagong taong nilikha kay Kristo at sa lumang tao na kailangang talikuran.*

Samantalang makasarili, alipin ng silakbo ng damdamin ang *lumang tao*, ang *bagong tao* nama'y nakikilala sa pakikipagkapwa nito at laging pagmamalasakit sa kapwa. Nabubuhay siya nang may pagpapasalamat sa puso.

• **18.** Hindi matatanggap ni Pablo ang palagay ng maraming Kristiyano na nagsasabing: "Walang pakialam ang relihiyon sa ginagawa ko sa aking ta-

inyong mga amo sa lupa, hindi para magpakitang-tao lamang o magbigay-lugod sa mga tao kundi nang may matapat na puso na parang sa Panginoon. ²³Ano man ang inyong ginagawa, gawin ninyo nang may malawak na pang-unawa, na parang sa Panginoon at hindi sa mga tao. ²⁴Kay Kristong Panginoon nga kayo naglilingkod; alam ninyo na pamamanahan kayo ng Panginoon bilang gantimpala. ²⁵Tatanggapin din ng taong masama ang bawat masamang ginawa niya, sapagkat walang taong itinatangi ang Diyos.

4 ¹Mga amo, ibigay ninyo sa mga alipin ang marapat at matuwid; alam ninyo na may Panginoon din kayo sa langit.

Iba pang tagubilin

• ²Magpatuloy kayo sa pananalangin at magdamag na magpasalamat. ³Ipagdasal ninyo na magbukas ng pinto

hanan, sa aking trabaho, sa aking pagpapahinga, sa pulitika.” Ngunit sinasabi ni Pablo na isinasabuhay ng Kristiyano ang lahat sa harap ng Panginoon, para sa Panginoon at sa Panginoon.

Kaya iisang moralidad ang ipinangangaral ni Pablo sa lahat, babae man o lalaki, o mga alipin (para sa atin nama’y mga amo at mga trabahador). Lahat ay kailangang maging matuwid, matapat at lubos na magalang sa kapwa, kahit na may mga kapintasan pa man sila. Sa katagalan, nagbunga ng mga extraordinaryong pangyayari ang mga prinsipyong ito: nasugpo ang pang-aalipin, kumaunti ang poligamya (o pagkakaroon ng maraming asawa) kahit na sa mga bansang di-Kristiyano, naging malaya ang mga kabataan sa pagpili ng mapapangasawa, atbp. Kailangan tayong makibaka para makamit ang mga pagbabago, at ipagtanggol ang mga karapatan. Subalit mahalaga na magkaroon muna ng kakayahan at maging tapat sa kanilang trabaho ang mga aktibo sa unyon o pulitika. At maging makatwiran sila at malinis sa kanilang pakikibaka at matapat sa kanilang mga komitment. Kung hindi, hindi nila dapat tawaging Kristiyano ang kanilang mga sarili.

• **4.2** *Iपालिलिwanag ang lahat ng ito sa Efeso 6:18-21.*

Isang takas na alipin si Onesimo. Bumalik siyang kasama ni Tikico sa Colosas matapos siyang dalhin ni

ang Diyos sa ating salita at maipangaral ko ang misteryo ni Kristo, na dahil dito kaya ako nakagapos. ⁴Maipahayag ko nawa ito gaya nang nararapat.

⁵Malaman sana ninyo kung paano pakikitunguhan ang mga nasa labas, at samantalain ang panahon. ⁶Magkaroon kayo ng kasiya-siyang pag-uusap na may kabuluhan at malaman nawa ninyo kung paano sasagutin ang bawat isa.

⁷Ibabalita sa inyo ni Tikico ang tungkol sa aking kalagayan. Mahal na kapatid at matapat na katulong siya at lingkod na kasama ko sa Panginoon. ⁸Sinugo ko siya sa inyo upang malaman ninyo ang aming kalagayan; palalakasin niya ang inyong loob. ⁹Kasama niya si Onesimo na matapat at mahal na kapatid, na isa sa inyo. Ibabalita nila sa inyo ang lahat ng nangyari rito.

¹⁰Binabati kayo ni Aristarco na kasama ko sa kulungan, at ni Marcos na pinsan ni Bernabe (tumanggap kayo ng mga tagubilin tungkol sa kanya; at kung

Pablo sa pananampalataya (tingnan ang Sulat kay Filemon).

Kasundo na ngayon ni Pablo ang ebanghelistang si *Marcos* (tingnan sa Mga Gawa 15:38) at kasama niya ito. Si *Lucas* (14) naman na binabanggit dito ang siyang sumulat ng Ebanghelyo at ng Mga Gawa.

Makikita natin na napakaraming pakikipagtalastasan sa mga Iglesya sa iba’t ibang lugar. Hindi nagkukulong ang bawat isa sa sarili nitong pamayanan, sapagkat kung nagkagayo’y biglang magiging sindami ng mga Iglesya ang mga relihiyon sa loob lamang ng maikling panahon. Ngunit alam nila at kanilang nadarama na sila ang Iglesya ni Jesus na itinayo sa iba’t ibang lugar ngunit may iisang patotoo lamang tungkol kay Kristo.

Ito ang dahilan ng interes ng mga sumasampalataya na pag-ibayuhin ang kanilang pagkakabuklod. Sa panahon na parang mahirap pangalagaan ang pagkakaisa dahil sa layo at pagkakaiba’t iba ng mga bayan, ang lakas na talagang nagpanatili sa pagkakaisa ay ang malalim na pagkaunawa na nadarama ng bawat isa – higit kaysa isang mahigpit na organisasyon – na isang “pagkakabuklod” ang Iglesya, isang pinagbuklod na pamayanang binibigyang-buhay ng Espiritu ni Kristo.

Sa pagsisimula natin ngayong bumuo ng “maliliit na pamayanang Kristiyano”, kailangan din nating tiyakin na bukas tayo at may mabuting relasyon sa iba pang mga pamayanan.

sakaling dumating siya, tanggapin sana ninyo siya) – ¹¹ at ni Jesus na tinatawag na Justo. Mula sa mga tuli, sila lamang ang nagtatrabahong kasama ko para sa kaharian ng Diyos, kaya konsuwelo sila para sa akin.

¹² Binabati kayo ng inyong kababayang si Epafras na utusan ni Kristo Jesus. Lagi siyang nagmamalasakit sa inyo sa kanyang mga pagdarasal upang magpatuloy kayo sa pagiging ganap at buo ayon sa kagustuhan ng Diyos. ¹³ Pinatotohanan ko ang labis niyang pag-aalala sa inyo at sa mga taga-Laodicea at Hierapolis.

¹⁴ Kinukumusta kayo ni Lucas na mahal na doktor at ni Demas. ¹⁵ Kumustahin ninyo ang mga kapatid sa Laodicea, sina Ninfas at ang iglesya sa kanyang tahanan.

¹⁶ Pagkabasa ninyo sa sulat na ito, ipabasa rin sana ninyo ito sa Iglesya ng Laodicea, at basahin naman ninyo ang sulat sa mga taga-Laodicea. ¹⁷ At sabihin kay Arquipo: “Asikasuhin mo ang paglingkod na tinanggap sa Panginoon.”

¹⁸ Akong si Pablo ang mismong sumusulat ngayon ng pagbating ito: alalahanin ninyo ang aking mga gapos. Sumainyo ang kagandahang-loob.